- Isang programa ng pagpapalabas ng dula na naglalahad sa papel ng iyong estudyante sa isang produksiyon ng dula
- Ang taunang yearbook
- Honor roll o ibang mga talaan ng pagkilala
- Mga programa sa pagtatapos
- Mga pilyego ukol sa mga gawaing pang-isport, gaya ng para sa wrestling, na naglalahad ng timbang at taas ng mga kasapi ng koponan

Ang impormasyon ukol sa direktoryo ay maaari ring hilingin mula sa ASD ng mga vendor na nauugnay sa edukasyon, mga kolehiyo, o mga recruiter ng sundalo na nais ang impormasyong pangkontak ukol sa mga estudyante sa mataas na paaralan ng ASD. Ang pagpapalabas sa panlabas na mga organisasyon, ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, mga kompanyang gumagawa ng mga class ring o naglalathala ng mga yearbook.

Anong Mga Kategoriya ng Impormasyon Ang Inilalakip?

Tinukoy ng Distrito ang sumusunod na impormasyon bilang impormasyon ukol sa direktoryo. (Tingnan ang School Board Policy 5125 para sa karagdagang mga detalye)

- | | |
|---|---|
| <input type="checkbox"/> Pangalan ng Estudyante | <input type="checkbox"/> Antas ng Grado |
| <input type="checkbox"/> Address | <input type="checkbox"/> Mga Degree/Award/Honor |
| <input type="checkbox"/> Mga Numero ng Telepono | <input type="checkbox"/> Pagiging Kwalipikado sa iskolarsip |
| <input type="checkbox"/> E-mail Address | <input type="checkbox"/> Petsa ng Pagtatapos |
| <input type="checkbox"/> Taon ng Kapanganakan | <input type="checkbox"/> Pangalan ng sekundaryang paaralan na pinakahuling pinasukan |
| <input type="checkbox"/> Sitwasyon sa Enrolment | <input type="checkbox"/> Paglahok sa opisyal na kinilalang mga gawain at isport |
| <input type="checkbox"/> Mga Petsa ng Enrolment | <input type="checkbox"/> Taas at timbang ng mga kasapi ng interskolastikong pang-atletang mga koponan |

Ano-ano Ang Iyong Mga Karapatan Bilang isang Magulang (o Estudyanteng 18 taong gulang o Higit)?

Ang Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA), isang pampederal na batas, ay nag-uutos na ang ASD, na may ilang mga eksepsiyon, na kunin ang iyong nakasulat na pagsang-ayon bago ang pagpapalabas ng personal na makapagpapakilalang impormasyon mula sa pang-edukasyong rekord ng iyong estudyante. Gayon pa man, maaaring ipalabas ng ASD sa wastong paraan ang itinalagang “impormasyon ukol sa direktoryo” nang walang nakasulat na pag-ayon, ***maliban kung tatanggi ka sa pagkompleto ng form na ito.***

Dagdag pa, ang batas ng pederal ay nag-uutos sa ASD na magbigay sa mga recruiter ng sundalo, batay sa kahilingan, ng tatlong pirasong impormasyon ukol sa direktoryo – mga pangalan, mga address, at mga listahan ng mga numero ng telepono, ***maliban kung tatanggi ka sa pagkompleto ng form na ito.*** Ang batas ng estado ay nag-uutos sa ASD na magbigay ng pangkontak na impormasyon ng mga estudyanteng tumigil sa pag-aaral sa mataas na paaralan sa Alaska Youth Academy, isang programa para sa mga estudyante na tumigil sa pag-aaral upang makatapos sa kanilang pag-aaral at makakuha ng diploma sa mataas na paaralan o GED. ***Maaari kang tumanggi sa pagsisiwalat na ito sa pamamagitan ng pagkompleto ng form na ito. Ang pagsisiwalat kaugnay ng Alaska Performance Scholarship ay iniuutos ng batas at hindi ka makakatanggi sa pagsisiwalat na ito.***

Pagpapalabas ng Impormasyon sa Pagka-kwalipikado sa Iskolarsip

Ang batas ng Estado ay nag-uutos sa ASD na magbigay ng impormasyon tungkol sa pagka-kwalipikado ng mga senior sa mataas na paaralan para sa Alaska Performance Scholarships at University of Alaska Scholarships. Bukod pa sa pangkontak na impormasyon, ang mga pamantayan sa pagka-kwalipikado na ipapalabas sa Estado ng Alaska o sa University of Alaska ay maaaring kabilangan ng average ng puntos ng marka, mga iskor sa isinapamantayang pagsusulit, at sitwasyon sa kasalukuyang enrolment. ***Maaari kang tumanggi na isiwalat ang impormasyon sa pagka-kwalipikado sa mga programang ito sa pamamagitan ng pagkompleto ng form na ito.***

Maaaring ilabas ng mga opisyal ng paaralan ang impormasyon ukol sa direktoryo, batay sa itinakda sa taas, tungkol sa isang estudyante nang hindi muna kunin ang pagsang-ayon ng magulang, maliban kung tumanggi ka sa paglagda at pagbalik nitong form ng Pagpapalabas ng Impormasyon ukol sa Direktoryo ng Estudyante.

Anchorage School District

Pagpapalabas ng Impormasyon sa Direktoryo ng Estudyante

Lahat ng Estudyante sa K-12

____ OO ____ HINDI Pahintulutan ang Pagpapalabas ng Impormasyon sa Direktoryo para sa sumusunod na uri ng mga publikasyon:

- Isang programa ng pagpapalabas ng dula na naglalahad sa papel ng iyong estudyante sa isang produksiyon ng dula
- Taunang yearbook
- Mga pilyego ukol sa gawaing pang-isport, gaya ng para sa wrestling, na naglalahad ng timbang at taas ng mga kasapi ng koponan at pang-atletang mga programa
- Para sa pagkilala ng mga award, mga tagumpay, mga sertipiko o Honor Roll

Lahat ng Estudyante sa Mataas na Paaralan

____ OO ____ HINDI Pahintulutan ang Pagpapalabas ng Impormasyon sa Direktoryo para sa sumusunod na uri ng **mga gawain na may kaugnayan sa pagtatapos**

- Inilathalang mga Talaan ng Pagtatapos
- Mga Vendor para sa Mga Class Ring at Mga Litrato
- Mga kahilingan mula sa panlabas na mga ahensiya na kumilala sa Mga Nagtatapos na may mga sulat at sertipiko.

____ OO ____ HINDI Pahintulutan ang Pagpapalabas ng Impormasyon sa Direktoryo (pangkontak na impormasyon ng Estudyante) **sa Kolehiyo/Unibersidad**

____ OO ____ HINDI Pahintulutan ang Pagpapalabas ng Impormasyon sa Direktoryo (pangkontak na impormasyon ng mga estudyante na tumigil sa pag-aaral) sa **Alaska Challenge Youth Academy**

____ OO ____ HINDI Pahintulutan ang Pagpapalabas ng Impormasyon sa Direktoryo sa **Mga Recruiter ng Sundalo**

____ OO ____ HINDI Pahintulutan ang Pagpapalabas ng impormasyon sa Pagka-kwalipikado sa Iskolarsip sa University of Alaska. Maliban kung pipiliin mo ang OO, ang pagka-kwalipikado ng iyong estudyante para sa University of Alaska Scholarships ay hindi maaaring isiwalat sa samahan na nagbibigay ng programang pang-iskolarsip.

Impormasyon ukol sa Estudyante: Kinailangang mga bahagi (*)

*Pangalan ng Estudyante (Pakilimbag) _____

*Pangalan ng Magulang/Guardian (Pakilimbag) _____

*Lagda ng Magulang/Guardian _____

*Petsa ng Paglagda _____



ANCHORAGE SCHOOL DISTRICT

Pagtuturo sa Lahat ng mga Mag-aral para Magtagumpay sa Buhay

2021-2022 Pormularyo Para sa Pagpapahayag ng Kita

Bawat taon kailangan ng Anchorage School District ang pagpapahayag sa kinikita ng mga pamilya bilang pagsunod sa batas ng estado. Kailangang sagutan ang sumusunod na pormularyo upang ang impormasyong ito ay makatulong sa ASD na mabilang ang mga pamilyang hindi pa matatag ang pangkabuhayan.

Ang pag-uulat sa mga impormasyong ito ay maaaring makatulong sa mga paaralan para mabawasan ang kanilang bayad sa telepono at internet at maaari ring makatulong sa mga paaralan upang maging karapat-dapat na makatanggap ng mga [grants]/bigay na mga tulong.

Ang impormasyong ito ay HINDI ginagamit upang mapagpasiyahan kung ang bata ay maaaring tumanggap ng libre o bawas na presyong tanghalian. Ang pormularyong ito ay kumpidensyal at ang impormasyon ng bawat pamilya ay HINDI ibabahagi kaninuman.

Pangalan ng mag-aaral: _____) ASD ID# _____ Baitang: _____

MgaPanuto/Tagubilin:

1. Bilugan ang bilang ng mga tao na nakatira sa inyong sambahayan.
2. Tingnan ang halaga sa kanan ng bilang na inyong binilugan.
3. Lagyan ng tsek ang kahong "**mas mababa sa**" kung ang kita ng inyong pamilya ay mas mababa sa halagang ito.
4. Lagyan ng tsek ang kahong "**higit sa**" kung ang kita ng inyong pamilya ay higit sa halagang ito.

Bilugan ang bilang ng mga taong nakatira sa inyong bahay.	Kabuuang Kita	Lagyan ng tsek kung ang kita ng inyong pamilya ay "mas mababa sa"	Lagyan ng tsek kung ang kita ng inyong pamilya ay "higit sa"
1	\$29,767	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
2	\$40,275	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
3	\$50,783	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
4	\$61,291	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
5	\$71,799	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
6	\$82,307	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
7	\$92,815	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
8	\$103,323	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
9	\$113,831	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>

Halimbawa: Ang isang pamilya ng 3 na may kita na mas mababa sa \$50,783

Bilugan ang bilang ng mga taong nakatira sa inyong bahay.	Kabu uang Kita	Lagyan ng tsek kung ang kita ng inyong pamilya ay "mas mababa sa"	Lagyan ng tsek kung ang kita ng inyong pamilya ay "higit sa"
1	\$28,860	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
2	\$39,091	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
3	\$49,321	/	<input type="radio"/>
4	\$59,552	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
5	\$69,782	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
6	\$80,013	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
7	\$90,243	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
8	\$100,474	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
9	\$110,705	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>


Pinatutunayan ko na ang impormasyong ibinigay sa pormularyong ito ay totoo at wasto.

Pirma:

Petsa:



~ Distrito ng Paaralang Anchorage
Ika-5 at Ika-6 na Baitang
Permission Form ng Human Growth and Development



Mga Magulang o Tagapag-alaga ng mga Mag-aaral sa Ika-5 at Ika-6 na Baitang:

Ang layunin ng form na ito ay upang maagang kumuha ng pahintulot, mula sa mga magulang na pamilyar sa mga materyales ng ASD at pamamaraan ng pagtuturo nito o kung sino man ay walang pagtutol sa naaangkop na nilalaman ng human growth and development para sa Ika-5 at Ika-6 na baitang na mag-aaral.

Ang mga magulang na hindi pa handang magdesisyon ngayon ay maaaring ipagpaliban muna ang kanilang mga desisyon hanggang sa ibang araw.

Simula sa Pebrero/Marso at magpapatuloy hanggang Abril, ang kurikulum ng Elementary Health, The Great Body Shop, ay sasaklawin ang Human Growth and Development and Diseases. Ang mga yunit na ito ay nagbibigay ng pangunahin, may-katuturang impormasyon tungkol sa paglaki, kabilang ang pagsisimula ng pagbibinata at pagdadalaga at ang mga yugto ng paglaki. Ang kahulugan ng pagkakaibigan at paggalang sa isa't isa ay sinusuri. Tinutukoy ang emosyonal na pagtanda, ang mga hakbang sa paggawa ng desisyon para sa mga responsableng pag-uugali ay tinalakay, ang mga kasanayan sa pagtanggap para sa mga hindi malusog at mapanganib na pag-uugali ay pinatitibay, at ang kahalagahan ng pagtatakda ng mga layunin na nakatuon sa responsibilidad ay binibigyang diin. Hinihikayat ng aming programang pangkalusugan ang inyong anak na kumunsulta sa **inyo** para sa karagdagang impormasyon.

Ang mga yunit ng **Ika-5 na baitang** ay ang mga "Growing Up" at "About Blood and HIV."

Ang mga yunit ng **Ika-6 na baitang** ay ang mga "The Reproductive System" at "HIV/AIDS: Ano ang Kailangan Mong Malaman Ngayon."

Ang guro ng inyong anak ay mag-aalok ng isang pagkakataon para tingnan ang mga materyales sa inyong paaralan bago ang simula ng pagtuturo.

Pangalan ng mag-aaral _____ **Baitang** _____

Pangalan ng guro _____

____ Oo. Nagbibigay ako ng pahintulot sa aking anak na lumahok sa Human Growth & Development at HIV/AIDS na bahagi ng kurikulum sa kalusugan. Naniniwala ako na mayroon akong sapat na impormasyon.

____ Hindi, hindi sa oras na ito. Napagtanto ko na **ang guro ng aking anak** ay makikipag-ugnayan upang malaman kung kailangan ng karagdagang impormasyon o kung ako ay matatag sa aking desisyon. Naiintindihan ko na mas maraming impormasyon ang darating at maaari akong makipag-ugnay sa guro ng aking anak kung mayroon akong mga katanungan.

Lagda ng Magulang _____ **Petsa** _____

2021 Alaska Youth Risk Behavior Survey

Form ng Pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga

Ang Anchorage School District ay lumalahok sa Alaska Youth Risk Behavior Survey (YRBS). Ang survey ay itinataguyod ng Alaska Department of Health and Social Services. Magsisimula ito sa pagitan ng Enero-Marso 2021.

Ang YRBS ay isang di papangalanang survey na isinasagawa sa mga high school sa buong Alaska at Estados Unidos. Sasagutan ng mga estudyante ang survey sa papel o nang electronic. Binuo ng U.S. Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ang survey para mangalap ng impormasyon tungkol sa mga asal na nauugnay sa kalusugan at kabutihan ng mga estudyante. Ang mga resulta ng survey ay gagamitin para malaman at matugunan ang mga alalahanin sa kalusugan ng mga tinedyer sa Alaska. Ang mga distrito ng paaralan at mga samahan ng pamayanan ay ginagamit ang mga resulta ng YRBS para tukuyin ang mga lumilitaw na mga isyu sa kalusugan at subaybayan ang mga pagbabago sa mga asal sa kalusugan ng pangkalahatang populasyon ng tinedyer sa Alaska sa paglipas ng panahon. Ang mga resulta ay makatutulong din sa mga distrito ng paaralan at sa ibang mga samahan na lumikha at makakuha ng pondo para sa mga programa sa kabataan.

Pagkatapos masuri ang mga resulta, ibibigay ang mga ulat sa mga distrito ng paaralan. Ang mga distrito ng paaralan ay binibigyan ng 30 araw upang suriin ang mga resulta. Pagkatapos ng pagsusuri, ang mga resulta ay ibinabahagi sa publiko kapag hiniling. Ang mga resulta sa survey para sa mga indibidwal na estudyante ay **hindi** kailanman tutukuyin, susuriin o, iulat.

Ang survey ay ibinibigay sa paraan na protektahan ang pagiging pribado ng inyong anak. Hindi ilalagay ng mga estudyante ang kanilang mga pangalan o iba pang makapagpapakilalang impormasyon sa survey. Pinahihintulutan ang mga estudyante na laktawan ang anumang mga katanungan na ayaw nilang sagutan. Ang lahat ng sagot ng estudyante ay mananatiling hindi papangalanan. Ang indibidwal na mga sagot ng estudyante ay hindi kailanman pag-aralan o ibahagi sa iba. Ang mga resulta mula sa survey ay inuulat lamang nang pinagsama-sama, halimbawa, batay sa distrito ng paaralan o borough/lugar ng census.

Papayagan ka ng link sa ibaba na suriin ang mga katanungan sa 2021 YRBS Survey, tingnan ang mga madalas na katanungan at suriin ang mga resulta ng 2021 YRBS.

yrbs.dhss.alaska.gov

Nais naming lumahok ang lahat ng napiling estudyante upang matiyak ang makabuluhang resulta ng survey. Kayo ang magpapasya kung pasasalihin ang inyong estudyante. Ang inyong nakasulat na pagpayag ay **kailangan** para makalahok ang inyong estudyante. Walang magiging aksyon laban sa inyo o sa inyong estudyante kung hindi siya sasali.

Pakibasa ang seksyon sa ibaba. Tsekan ang naaangkop na kahon at ibalik ang form sa paaralan ng inyong estudyante. Kung may mga tanong kayo, mangyaring makipag-ugnay sa Alaska YRBS Statewide Coordinator na si Gina Agron sa (907)-269-8030. gina.agron@alaska.gov / <http://yrbs.dhss.alaska.gov>

2021 Survey sa Asal sa Peligro ng Kabataan sa Alaska

[] OO, maaaring sumali ang aking estudyante sa survey.

[] HINDI, hindi maaaring sumali ang aking estuyante sa survey.

Pangalan ng Estudyante: _____ Grado: _____

Pirma ng Magulang/Tagapag-alaga: _____ Petsa: _____

Kasunduan na Pinapahintulutan ang Paggamit ng Mag-aaral ng isang ASD Owned Device

Ang inyong mag-aaral ay nakatala sa isang programa/paaralan ng ASD at maaaring ipagkaloob ang isang Technological Device, pasulong na tinutukoy bilang "Device". Ang pagtanggap sa Device na ito ay may mga inaasahan at mga responsibilidad. Mangyaring suriin ang mga sumusunod:

- 1. Katanggap-tanggap na Paggamit ng isang Device.** Ang paggamit ng Device, nasa bahay man o sa paaralan, ay para sa mga layuning pang-edukasyon na naaayon sa mga layunin ng kurikulum ng ASD at sa mga patakaran ng Lupon ng Edukasyon. Hindi maaaring gamitin ng mag-aaral (o pahintulutan ang iba na gamitin) ang Device na ipinahiram sa kanya sa paraang lumalabag sa Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Lupon o sa mga patakaran nito sa disiplina ng mag-aaral, pananakot, o panliligalig ng mag-aaral. Sa paggamit ng Device, ikaw at ang mag-aaral ay sumasang-ayon na sumunod sa Mga Patakaran ng Lupon, pati na rin ang lahat ng iba pang naaangkop na mga patakaran at alituntunin sa dokumentong ito. Dahil dito, ang paglabag sa alinman sa mga patakarang ito o alituntunin ay maaaring magresulta sa pagkawala ng paggamit ng Device; disiplina, hanggang sa at kabilang ang suspensyon o pagpapatalsik; at pagsangguni sa pagpapatupad ng batas.
- 2. Responsibilidad para sa Nawala o Nasirang Device.** Kung sakaling nawala o nasira ang Device ng inyong mag-aaral, papalitan o ipapa-ayos ninyo sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin:
 - a. Kung ang Device ay ninakaw, kakailanganin ninyong bayaran nang buo para sa kapalit maliban kung ang pagnanakaw ay hindi dahil sa kapabayaan o intensyonal na maling paggamit ng inyong anak at nagsumite ka ng kumpleto at tama na ulat ng pulisya ng pagnanakaw.
 - b. Kung ang pinsala ay dahil sa kapabayaan ng mag-aaral o sadyang maling paggamit o pagkawasak, o kung nawala ang Device, kakailanganin ninyong bayaran nang buo para sa pagkumpuni o pagpapalit ng kagamitan.Alinsunod sa Patakaran ng Lupon ng Paaralan 5125.3, ang sinasadyang pinsala o pagkabigong ibalik ang inyong Device ay maaaring magresulta sa pagpigil sa pagkuha sa mga grado, diploma o mga transcript.
- 3. Pag-aalaga sa Device.** Ang Device na nakatalaga sa mag-aaral ay nananatiling ari-arian ng ASD at dapat alagaan. Bilang karagdagan sa mga tagubilin ng tagagawa na kasama sa Device, kung mayroon man, dapat na pangalagaan ng mag-aaral ang Device tulad ng sumusunod:
 - a. Gumamit lamang ng malinis at malambot na tela upang linisin ang screen ng device; huwag gumamit ng mga cleanser ng anumang uri.

- b. Ipasok at alisin ang mga cord at cable nang maingat upang maiwasan ang pinsala sa mga konektor.
 - c. Huwag sumulat o gumuhit, lagyan ng mga sticker o label sa, o kung hindi man ay markahan o siraan ang Device.
 - d. Maingat na hawakan ang device. Ang mga screen ay maaaring pumutok hindi lamang kapag bumagsak, kundi pati na rin kapag pinaikot o dinaganaan mula sa pagtapak o sumandal sa mga ito. Huwag mag-patong ng iba pang mga bagay (mga libro, mga binder, atbp.) sa ibabaw ng Device.
 - e. Huwag iwanan ang Device sa mga lugar ng matinding temperatura, halumigmig, o limitadong bentilasyon (halimbawa, sa isang kotse) para sa isang pinahaba na tagal ng panahon.
 - f. Panatilihin ang mga pagkain at inumin ay malayo mula sa Device.
 - g. Siguraduhin na ang Device ay ligtas kapag ito ay wala sa paningin. Huwag itong iwanan sa hindi nakasusing locker, desk, kotse o iba pang lokasyon kung saan maaaring kunin ito ng ibang tao.
 - h. Habang hindi ibinigay, inirerekomenda ang isang lalagyan na magbibigay proteksyon sa device kapag dinadala.
 - i. Huwag i “jailbreak,” “root,” o kung hindi man ay makagambala sa pagsasa-ayos ng Device. Sa madaling salita, huwag palitan ang operating system ng tagagawa gamit ang custom na software.
- 4. Gamit ang Device sa Paaralan.** Maliban kung itinagubilin, ang Device ay inilaan para sa pang-araw-araw na paggamit sa paaralan at tahanan. Ang mag-aaral ay may pananagutan sa pagdadala nito sa paaralan araw-araw, ganap na naka-charged. Ang ASD ay hindi maaaring magbigay ng mga hiram na device sa mga mag-aaral na nagpapabayang dalhin ang kanilang ganap na naka-charged na device sa paaralan.
- 5. Gamit ang Device Sa labas ng ASD.** Kung sakaling ginagamit ng mag-aaral ang Device sa labas ng ASD, siya ay nakasalalay sa parehong mga patakaran, pamamaraan, at alituntunin tulad ng sa paaralan.
- a. Ang Responsibilidad ng Tagapangalaga para sa Pangangasiwa Sa labas ng ASD** Ang mga mag-aaral at kanilang mga magulang/tagapangalaga ay may tanging responsibilidad sa paggamit ng angkop na kagamitan at internet at sa pagsunod sa mga batas at regulasyon ng lokal, estado at pederal. Habang may limitadong pag-filter ng nilalaman sa internet, kinakailangang sundin ng mga mag-aaral ang Kasunduan sa Paggamit ng Internet ng distrito. Ang naaangkop na paggamit ng distrito na inisyu ng Device sa tahanan at labas ng paaralan ay napapailalim sa mga alituntunin ng disiplina ng mag-aaral ng distrito na nakabalangkas sa ASD Student Handbook.
 - b. Teknikal na Suporta.** Hindi magagarantiyahan ng ASD na gagana ang Device sa labas ng ASD sa parehong antas ng nasa loob ng ASD. Ang pagsasaayos ng anumang koneksyon sa home network ay responsibilidad ng tagapangalaga at hindi ang responsibilidad ng ASD. Gayunpaman, kung kailangan ninyo ng suporta para sa inyong Device, makipag-ugnay sa inyong paaralan. Ang anumang pagsasaayos na inilalapat sa Device na nagpapahina sa pagganap nito sa paaralan ay maaaring alisin ng mga kawani ng Distrito.
- 6. Pamamahala ng Iyong Mga File at Pag-save ng Inyong Trabaho** Karaniwang naka-save ang gawaing isinagawa sa isang Device sa Google Drive o sa Device mismo. Responsibilidad ng mag-aaral na tiyakin na ang kanyang trabaho ay hindi nawala dahil

sa kabiguan o pagkawala ng Device. Hinihikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang Google Drive upang ma-access ang kanilang mga file kahit saan may access sa Google.

7. **Software.** Ang ASD ay magbibigay ng lahat ng kinakailangang software. Kung ang mag-aaral ay magpasiya na mag-install ng karagdagang software sa device, ang software na iyon ay maaaring alisin ng mga kawani ng Distrito anumang oras kung ito ay ituring na hindi kailangan o malisyoso.
8. **Walang Inaasahan na Privacy.** Walang inaasahan ng privacy para sa anumang komunikasyon na ginawa gamit ang Device o para sa anumang nilalaman na nilikha o nakaimbak sa device. Inilalaan ng ASD ang karapatan na siyasatin ang Device at ang mga nilalaman nito anumang oras at sa anumang kadahilanan.
9. **Personal na Nilalaman.** Ang mag-aaral ay dapat magkaroon ng kamalayan na ang anumang nilalaman (kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga dokumento, mga file na audio, at mga litrato) na nakaimbak sa Device o sa cloud ay napapailalim sa pag-access ng mga third party alinsunod sa batas o napapailalim sa pagtuklas sa isang legal na paglilitis. Bilang karagdagan, maaaring tanggalin ang personal na nilalaman sa kurso ng regular na pagpapanatili at/o pag-troubleshoot. Responsibilidad ito ng mag-aaral na i-backup ang lahat ng personal na nilalaman na nakaimbak nang lokal sa Device o sa cloud.
10. **Data ng Device bilang Mga Rekord** Ang data na naka-save sa Device o sa espasyo ng imbakan na nakabatay sa Internet (ibig sabihin, ang “cloud”) sa pamamagitan ng Device ay hindi pinananatili ng Distrito bilang mga pampublikong rekord o bilang mga rekord ng mag-aaral na pinananatili ng Distrito para sa anumang kadahilanan, ang Distrito ay magsasagawa ng mga positibong hakbang upang mapanatili ito.
11. **Ang Pagbabalik ng Device.** Maliban kung aatasan, ang Device (at anumang kaugnay na aksesorya) ay dapat ibalik sa ASD sa huling araw ng panuruang taon. Kung ang mag-aaral ay umalis mula sa ASD, dapat ibalik ang Device bago ang huling araw ng pagdalo. Ang device at mga aksesorya ay dapat ibalik sa kondisyong gumagana, na lahat ng bahagi ay kasama. Kung ang Device at anumang kaugnay na aksesorya ay hindi naibalik, ang ASD ay maaaring, bilang karagdagan sa paghahanap ng pagbabayad, maghain ng ulat sa pagnanakaw sa naaangkop na ahensiyang nagpapatupad ng batas.

Alinsunod sa Patakaran ng Lupon ng Paaralan 5125.3, ang sinasadyang pinsala o pagkabigong ibalik ang inyong Device ay maaaring magresulta sa pagpigil sa pagkuha sa mga grado, diploma o mga transcript.

12. **Pagwawaksi ng Mga Claim na Kaugnay sa Device.** Sa pamamagitan ng pagpirma sa “Device Acknowledgement” sa ibaba, kinikilala mo na ikaw at ang mag-aaral ay nabasa, nauunawaan, at sumasang-ayon na sundin ang lahat ng mga alituntunin at patakaran na nakabalangkas o isinangguni sa Kasunduang ito at sumasang-ayon na sakupin ng Kasunduang ito. Sumasang-ayon ka rin at kumakatawan na ang Device (kabilang ang anumang kaugnay na mga accessory) ay naihatid na mahusay na gumagana at dapat itong ibalik sa ASD sa mahusay na kondisyon. Sa pamamagitan ng pagpirma sa Kasunduang ito, tinatanggihan mo ang anuman at lahat ng claim mo o ang mag-aaral (at bawat isa sa iyong kani-kanilang mga tagapagmana, kahalili, at nakatalaga) ay maaaring magkaroon laban sa ASD, Lupon ng Edukasyon nito, at mga indibidwal na miyembro ng Lupon, opisyal, empleyado, at ahente na may kaugnayan, at ahente na

may kaugnayan sa, na kaugnay sa, kaugnayan o nagmumula sa paggamit ng Device o Kasunduang ito.

13. Bayad-pinsala para sa mga paghahabol na may kaugnayan sa Device. Hanggang sa sagad na pinahihintulutan ng batas, sumasang-ayon kayong bayaran, ipagtanggol, at hawakan na hindi nakakapinsala ang ASD, Lupon ng Edukasyon ng Paaralan, at mga indibidwal na miyembro ng Lupon, opisyal, empleyado, at ahente mula sa anuman at lahat ng mga claim, pinsala, pagkalugi, sanhi ng pagkilos, at iba pa, na may kaugnayan sa, o nagmumula sa paggamit ng Device o Kasunduang ito.

Mangyaring lagdaan ang form ng Pagkilala sa susunod na pahina at ibalik ito sa inyong guro sa lalong madaling panahon.

PAGKILALA SA DEVICE

PANGALAN NG MGA MAG-AARAL:

_____ Baitang: _____ Petsa ng
Kapanganakan: _____ ID ng Mag-aaral _____

KASUNDUAN NG TAGAPANGALAGA: Ako ang tagapangalaga ng mag-aaral na nakalista sa itaas, at kinikilala ko na natanggap ko, nabasa, at nauunawaan ko ang *Kasunduan na Pinapahintulutan ang Paggamit ng Mag-aaral ng isang ASD Owned Device*, kasama ang mga waiver at mga probisyon para sa bayad-pinsala. Dagdag pa, naiintindihan ko na:

- Ang aking mag-aaral ay may pananagutan sa pagdadala ng Device na ibinigay sa kanya sa paaralan araw-araw, ganap na naka-charged, at para sa pag-aalaga at maayos na paggamit ng Device.
- Ang kabiguan ng aking mag-aaral na pangalagaan ang Device o ang kanyang hindi tamang paggamit ng Device ay maaaring sumailalim sa kanya ang pagdidisiplina, pagkawala ng pribilehiyo ng paggamit ng Device, at/o pagsangguni sa pagpapatupad ng batas.
- Responsable ako sa pagsubaybay at pangangasiwa sa paggamit ng aking mag-aaral sa Device, kabilang ang pag-access nito sa Internet, sa labas ng paaralan.
- Ako ay may pananagutan sa pagbabayad para sa anumang pinsala sa o pagkawala ng Device na nakatalaga sa aking mag-aaral.
- Responsable ako sa pagtiyak ng pagsunod ng aking mag-aaral sa mga tuntunin ng *Kasunduan na Pinapahintulutan ang Paggamit ng Mag-aaral ng isang ASD Owned Device*.

_____ Pangalan ng Tagapangalaga (Nakalimbag)

_____ Lagda ng Tagapangalaga

_____ Petsa

Kasunduan ng mag-aaral: Sumasang-ayon ako na natanggap ko, nabasa, at nauunawaan ang *Kasunduan na Pinapahintulutan ang Paggamit ng Mag-aaral ng isang ASD Owned Device*.

Naiintindihan ko na:

- Dadalhin ko ang Device sa paaralan araw-araw, ganap na naka-charged.
- Aalagaan ko ang Device at gagamitin ito ng maayos.
- Kung wala akong pakialam sa Device o ginagamit ko ito nang hindi wasto, maaaring hindi ako pahihintulutang gamitin ang Device, maaaring disiplinahan ako ng paaralan, at maaaring isangguni sa pulisya sa mga seryosong kaso.
- Responsable ako sa paggamit ng Device at sa Internet nang naaangkop, pareho sa paaralan at sa labas ng paaralan.
- Ang aking (mga) tagapangalaga ay kailangang magbayad para sa anumang pinsala sa aking Device o upang palitan ang aking Device kung ito ay nawala.
- Susundan ko ang lahat ng direksyon sa *Kasunduan na Pinapahintulutan ang Paggamit ng Mag-aaral ng isang ASD Owned Device*

_____ Pangalan ng Mag-aaral (Nakalimbag)

_____ Lagda ng Mag-aaral

_____ Petsa

Anchorage School District
Panuruang Taon Preschool
Questionnaire

Pangalang Ligal ng Mag-aaral:

Araw ng Kapanganakan:

1. Sa anong uri ng kalagayan nakatanggap ang inyong anak ng maagang pag-aalaga sa pagitan ng edad na 3 at 5?

(piliin ang lahat ng nalalapat)

- | | |
|--|--|
| <input type="checkbox"/> ASD Special Education Preschool | <input type="checkbox"/> Private Preschool Setting |
| <input type="checkbox"/> ASD General Education Preschool | <input type="checkbox"/> Licensed Center-Based Childcare |
| <input type="checkbox"/> Kids' Corps, Inc. (KCI) Head Start | <input type="checkbox"/> Licensed Home-Based Childcare |
| <input type="checkbox"/> RurALCAP Head Start | <input type="checkbox"/> Licensed Family Childcare |
| <input type="checkbox"/> Cook Inlet Native Head Start | <input type="checkbox"/> Non-Relative Care |
| <input type="checkbox"/> Chugiak Children's Services (CCS)
Head Start | <input type="checkbox"/> Parent/Guardian Care |
| | <input type="checkbox"/> Iba Pa: |

2. Nag-aral ba ang inyong anak sa pormal na setting ng preschool sa pagitan ng edad na tatlo at limang taong gulang?

- Oo Hindi

KUNG SUMAGOT KA NG **OO SA PANGALAWANG TANONG, MANGYARING
MAGPATULOY.**

3. Ilang taon pumasok sa preschool ang inyong anak? *(pumili ng isa)*

- kulang sa isang taon
 1-2 taon
 2+ taon

4. Ang taon bago ang kindergarten, ilang oras bawat linggo pumasok and inyong anak sa preschool? *(pumili ng isa)*

- kulang sa 5 oras sa isang linggo
 5-15 oras bawat linggo
 16-20 oras bawat linggo
 21+ oras bawat linggo

Regular bang pumapasok?

- Oo
 Hindi

Lagda ng Magulang: _____ Petsa: _____

ASD Front Office Staff Only

File in CUM

Front office staff enter this information into Q upon new student enrollment.